



This is insane! Iyon ang nasabi ko sa sarili. Hindi na dapat ako nagpunta sa letseng high school reunion na ito. Busy kaya ako. Bakit ba kasi napakamapilit nitong si Daine? Dapat ay wala akong pakialam sa love life niya, pero dahil gusto daw akong makita ng dati naming teacher na nanay ng asawa niya, at iyon na daw ang chance niya na mapalapit sa kanyang biyenan, nagmakaawa siya sa akin na magpunta kahit hanggang dinner lang. Dahil sa mabuti naman siyang kaibigan sa akin at mahal ko siya kahit paano, pumayag na lang ako.

Iyun nga lang, I had to endure this whole shit. Me, looking so beautiful in my long red dress while being ignored by Arkin, that pathetic ex of mine na ngayon

ay photographer ng buong event, and at the same time, ang siyang apple of the eye ng mga babae.

Hanggang ngayon, lapitin pa din ng mga higad ang animal. Hindi naman halatang galit ako sa kanya, ano? Oo, bitter pa ako sa kawalanghiyaan niya. And everything started when we were in high school! God knows how I wished na sana makaalis na ako sa lugar na ito.



June 2003, St. Anthony High School...

Mahigpit ang utos ni Mommy, I had to be home at exactly 4 pm. So ibig sabihin, pagkatunog ng bell at around 3:30 pm ay dapat nakasakay na ako sa kotse ni Kuya Ernest, na isang taon lang ang tanda sa akin, at bumibiyaha na kaming dalawa pauwi. Nasa college na si Kuya, first year sa Ateneo, ilang kilometro ang layo sa school ko at alas tres ang oras ng uwi niya. Magaling talaga sa math ni Mommy. But anyways, minsan naman ay nakakalusot pa din kami ni Kuya. Ayaw kasi ni Mommy na makikipagkita kami kay Daddy.

Eh, nandito si Dad sa tapat ng classroom ko ngayon. Ano ang gagawin ko?

They got separated when I was ten years old. Apat na taon na din silang hiwalay. And Dad said it's because

Mom was too busy with her family's business kaya nag-decide siya na umalis ng bahay dahil hindi na daw niya makita ang worth niya sa pamilya. My Kuya Ernest and I believed him. Not until last year. Biglang nag-iba ang timpla ni Kuya.

I didn't know. I didn't hate either of my parents. Naintindihan ko si Mom kung bakit siya ganoon. Ayaw niyang mawala lahat ng pinaghirapan nina Lolo at Lola. Naintindihan ko din si Daddy dahil siya nga naman ang lalaki at dapat siya ang nagtatrabaho para sa amin, but he just couldn't convince Mom to stop working.

I thought Kuya and I had an agreement na paglalapitin namin ang aming parents. Pero ngayon, ayaw na din ni Kuya Ernest kay Daddy sa rasong hindi ko maintindihan. Kahit siya ay pinagbabawalan na akong makita si Daddy. Kaya siguro nagpunta na si Dad sa school at hinihintay ako sa tapat ng classroom ko. He looked so desperate to see me.

"Bella," he called me immediately nang makita ko siya.

"Daddy."

"Hey, Belle, see you!" That's my seatmate, Arkin. Mukhang nagwapuhan siya sa daddy ko dahil tinitigan niya si Dad mula ulo hanggang paa.

“Oo na!” sabi ko saka hinarap si Dad. “Nagulat po ako sa inyo,” sabi ko agad sa kanya saka hinalikan siya sa pisngi. Kinuha niya sa akin ang bag ko.

“I’m sorry, anak, walang pasabi si Daddy. Alam mo namang dito lang kita nakikita.” I smiled sadly. Hindi na kasi siya nakakapasok sa bahay. Mom and Kuya forbade him. “I missed you, anak.”

“I miss you too, Dad.” Humawak ako sa kamay niya at naglakad kami papunta sa parking area. “Bakit po kasi hindi n’yo na lang balikan si Mommy? Nakikita kong madalas pa rin siyang umiiyak sa gabi. Maybe she misses you so much. I think she still loves you.”

Gumuhit ang pait sa mga labi niya. “I don’t think so, anak.”

“But why, Dad? I know Mom only has our future in mind, kaya ganoon na lang siya kasigasig na magtrabaho but she loves us.”

“Bella!” Napalingingon ako nang marinig ko ang boses ni Kuya Ernest. At tumatakbo na siya palapit sa amin. As if Dad was some kind of a bad guy that would hurt me if he did not run fast. Kinuha niya ang bag ko sa kamay ni Daddy at itinulak ito palayo. “Umalis ka na dito!”

Na-shock ako dahil unang beses iyon na nagsalita nang ganoon si Kuya kay Daddy. He used to idolized

and love our father.

“Kuya?!” dahil sa pagkabigla ko ay nasigawan ko siya.

“Pumasok ka na sa kotse, Bella. Ngayon na!”

“No!” matigas kong sabi. “Why are you doing this, Kuya?”

“You’ll understand soon but you need to trust me this time. Sinabi kong pumasok ka na sa kotse!” sigaw niya ulit habang masama ang tingin sa daddy namin.

I looked at Dad. He looked so hurt and sorry. Did he know the reason why Kuya Ernest was so mad at him?

“Kuya, stop it!” sabi ko, sabay hawak sa kamay ni Dad. “Daddy natin siya! Bakit ka ba ganyan?”

Nakukuha na namin ang atensyon ng mga tao. Lalo tuloy akong naiyak dahil bukod sa nakakahiya ang nangyayari, ipinapahiya ng kapatid ko si Daddy na parang may ginawa itong masama sa akin.

“I said get in the car!” pero mas matigas ang pagsigaw ni Kuya Ernest. Hindi pa rin sana ako susunod nang may biglang humablot sa akin. Dinala niya ako sa kotse ni Kuya.

“Arkin?”

“Sabi ng kuya mo, pumasok ka na sa loob, di ba?”

masuyo nitong sabi habang pinapatahan ako.

“But that’s my dad!” Umiiyak pa din ako, pero niyakap lang ako ni Arkin. Hindi ko na narinig ang pinag-usapan nina Kuya Ernest at Daddy. Nang makasakay na ako sa kotse, naroon na din si Kuya at nag-drive na kami palayo. Sa galit ko sa aking kapatid ay nasampal ko siya habang nagda-drive siya.

“What was that for, Bella? Mahal mo pa din ’yung walanghiyang ’yon?”

“I don’t understand why you need to do that! Oo, iniwan tayo ni Daddy, but it was all Mom’s fault! Madami siyang pagkukulang! Sinubsob niya ang sarili niya sa business dahil ambisyosa siya! Gusto niyang yumaman kaya umalis si Daddy! You knew all of this!”

“Bull crap!” sabi niya saka hinampas ang manibela. Galit na galit pa din siya hanggang sa makauwi kami kaya agad niya akong iniwan sa kotse.

I hated him for being that rude to my dad. I hated him and Mom. Lalo lang nilang sinisira ang pamilya namin! Galit akong umakyat sa kwarto ko. Nagsimula akong mag-impake.

I needed to see Dad. Kung ayaw nilang dalawa sa kanya, well, gusto ko. I loved my dad so much. Iniintindi ko lang talaga ang lahat ng nangyayari sa pamilya

namin, pero sa pagkakataong ito, kailangan ko na ring mag-take sides gaya ng ginagawa ni Kuya Ernest.

Bakit ba nila ginaganoon si Daddy? Dahil ba sa sinasabi ni Dad na may nakilala na siyang bagong babaeng magmamahal sa kanya? If Mom couldn't make him happy, bakit hindi na lang sila maging masaya para kay Dad?

Dumaan ako sa bintana at tahimik na lumabas ng bahay pagpatak ng hatinggabi. Mom confiscated my phone nang malaman niyang nakikipag-usap pa din ako kay Daddy. Kaya maglalakad ako papunta sa school. Makiki-text ako sa mga kaklase ko. Hihintayin ko doon si Daddy bukas. Iyun ang plano. Pero hindi pa man ako nakakalabas sa subdivision, may nakasunod na sa akin. Paglingon ko, it was Arkin.

“Ano’ng ginagawa mo?”

“Hindi ba dapat ako ang nagtatanong niyan sa ’yo? Ang dami mong dala. Mabigat pa. Magha-hike ka ba?”

I faked a laugh. “Funny. Kung wala kang magandang sasabihin at gagawin, mabuti pa umuwi ka na! ’Wag ka ring magkakamaling magsumbong dahil sasabihin ko kay Ivy na mahal mo siya!” I was talking about my best friend na gustong-gusto ni Arkin dahil sa sobrang ganda nito. Na-share niya sa akin iyon sa loob lang ng

ilang araw na pagiging seatmates namin. Feeling ko nga kaya niya din ako kinakaibigan dahil na rin kay Ivy.

“Eh, di sabihin mo. Para hindi na siya mahirapang umamin na crush niya rin ako.”

Napabilib niya ako sa kakapalan ng mukha niya. Cute naman kasi siya pero hindi siya gwapo. Patpatin pa. “Tigilan mo ang drugs, masama ’yan sa health.”

Tinawanan lang niya ako. Lalo kong ikinainis iyon.

“Seryoso ako, Arkin. Sasabihin ko talaga kay Ivy para wala ka nang mukhang ihaharap sa kanya.”

“Sige lang, sabihin mo sa kanya. Hindi ko naman sasabihin sa ’yo kung saan nakatira ang daddy mo.”

Napahinto ako sa sinabi niya. Paano niya nalaman na pupuntahan ko si Daddy? Bago pa man ako nakapagtanong, nagpaliwanag na siya.

“Your plan is written all over your face, Bella. Saka siya lang naman ang pupuntahan mo kung maglalayas ka nga.”

“Paano mo nalaman ang bahay ni Daddy?”

“Attorney ng dad mo ang mommy ko. At isang beses ay isinama ako ni Mommy sa pagpunta sa bahay ni Mr. Figueroa.”

Nanlaki ang mga mata ko. “Talaga?”

Puno ng pagmamalaki sa sarili na tumango-tango si Arkin. “Kaya kailangan mo ako.”

“How did you know all of this?”

“My late dad was a detective. I had his skills since birth.”

Napaikot talaga ang eyeballs ko. Medyo may pagkamayabang siya pero may silbi naman.

“Magkano ang kailangan mo kapalit ng paghatid mo sa akin sa bahay ni Daddy?”

Natawa na naman siya sa sinabi ko. “Sa tingin mo mukha akong pera?”

“Ano pala’ng kapalit ng pagtulong mo sa akin?”

“Eh, di tutulungan mo din ako kay Ivy. Okay ba iyon?”

“Okay. ’Yun lang pala, eh! Call!” At nakipagkamay ako sa kanya para i-close ang deal. Pagkatapos niyon, naglakad na kami palabas ng subdivision. Mabuti na lang at alam niya ang oras ng tulog ng guwardiya doon kaya nakaalis kami nang walang nakakakita. Sumakay kami sa taxi.

“Saan kayong dalawa galing?” usisa ng taxi driver. “Madaling-araw na, ah!” Pero bago pa ako makasagot, inabutan na ito ni Arkin ng isang libo piso.

“Kuya, pakihatid na lang kami sa Alexandra Homes. ‘Wag na po kayong magtanong.”

Sumunod naman ang driver. Ilang sandali nga lang naroon na kami. Kinakabahan ako. Baka mapagalitan ako ni Daddy. Ang bilin niya kasing madalas ay huwag na huwag bibigyan si Mommy ng sama ng loob. Iyun ang tanging rason kaya iniintindi ko si Mommy lalo pa’t umaasa pa ako noon na magiging okay din ang pamilya namin. Pero mukhang malabo na iyon.

Pipindutin pa lang sana namin ang doorbell na nasa gate nang may biglang dumungaw sa bintana sa second floor. Pati si Arkin ay nagulat sa nakita. Hindi ko naman alam ang sasabihin.

Hindi kaya nagkamali kami ng pinuntahan at dahil laging nasa isip ni Arkin ang kaibigan ko kaya dinala niya ako sa bahay ni Ivy? Kahit ako na sariling kaibigan nito ay ngayon lang nalaman kung nasaan ito nakatira. Never pa kasi akong dinala ni Ivy sa bahay nila. Halatang nagtago ito sa loob nang makita kami. Kahit madaling-araw at tanging street light lang ang ilaw ay naaninag ko pa din ang mukha niya.

“Sigurado ka bang dito nakatira si Daddy?”

“Oo.” Alangan si Arkin pero nag-doorbell pa din siya. At lumabas nga mula sa bahay na iyon ang daddy ko

pagkaraan ng ilang minuto.

Nakakapagtaka. Bakit nandoon si Ivy? Iyung grade school classmate ko na naging best friend ko na dahil since first year high school kaming magkaklase. Bakit nandoon ito sa bahay ng daddy ko?

“Bella, anak,” Dad said.

“Honey, sino ’yan?” Kasunod ni Daddy ay isang babae na medyo mas bata ang edad kaysa kay Mommy at kamukha iyon ni Ivy. “Mabuti na din sigurong malaman niya, Bernard. Magki-quinse años na ’yang anak mo. Bella, kami ang mahal ng daddy mo. Hindi sila magkasundo ng mommy mo kaya binalikan niya kami ng anak niya.”

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko. Anak ni Dad si Ivy? Alam kong nag-iisang anak lang ang kaibigan ko, pero ang sinabi niya ay iniwan na sila ng daddy niya para sa tunay nitong pamilya. Hindi ko alam na ang daddy ko ang tinutukoy niyang sariling daddy niya.

“Pumasok ka sa loob,” narinig kong utos ni Daddy sa babaeng iyon na noon pa ma’y hindi ko na gusto. Napansin kong kahit labag sa kalooban ay umalis ang babae. Ibinalik ni Daddy ang pansin niya sa akin. “Anak, ano’ng nangyari?”

Nagsimulang tumulo ang luha ko. Nag-uunahan

ang mga iyon sa pagpatak. Doon ko na-realize ang lahat. Kung bakit ayaw na ayaw ni Ivy na magpupunta sa bahay at ayaw niya akong imbitahin sa bahay nila. Kung bakit galit na galit si Kuya Ernest kay Daddy. At kung bakit nagpapakumbaba si Dad. It was his fault!

Kung mas matanda sa akin si Ivy nang ilang buwan, ibig sabihin, matagal nang niloloko ng ama ko ang aking ina. Hindi pa ako ipinapanganak, sinaktan na niya ang mommy ko. Galit na pinunasan ko ang luha ko.

“I hate you!” at buong tapang ko iyong sinabi sa kanya saka tumakbo ako palayo doon.

Ni hindi ko na napansin na nakasunod pa rin si Arkin. Iyak lang ako nang iyak. Mabuti at naroon siya. Hindi ko naramdaman na mag-isa ako. Wala na akong karapatang bumalik sa amin. I hated my mom and my brother for him.

“Ang sama-sama niya! He told me lies. Sinisisi niya si Mommy sa pambababae niya! Kung mahal niya ang mommy ko, kahit pa gaano ka-busy si Mom, hindi pa rin niya gagawin iyon! At si Ivy! Si Ivy pa!”

Patuloy pa rin ako sa pag-iyak habang nakaupo kaming dalawa sa gilid ng kalsada. Bakit si Ivy pa? Lahat ng nangyayari sa bahay, alam niya. Lahat ng iniisip ko at pangarap ko para sa pamilya namin. Siguro

pinagtatawanan niya ako habang pinapangarap kong mabuo kami dahil alam niyang hindi na mangyayari iyon. And I knew for a fact na alam niya ang lahat. Pinagmumukha niya lang akong tanga sa school!

“Uwi na tayo. Tama na ’yan.” Niyakap ako ni Arkin. “Andito lang ako. Shh...” Nagawa kong tumahimik dahil sa pang-aalo niya. Sumunod ako sa sinabi niyang umuwi dahil iyon ang dapat. At pagkauwing-pagkauwi ko, nag-sorry ako kay Mommy at kay Kuya Ernest.



February 2017, Crowne Plaza...

At mula noon, pinilit na lang naming kalimutan ang lahat. At si Arkin na nagsabing naroon lang siya, pagkalipas ng ilang taon, umalis din. Marami ang nangyari pagkatapos noon.

Naging kami ni Arkin kahit alam kong gusto niya si Ivy. Mukhang ayaw naman sa kanya ng half-sister ko na medyo makapal ang mukha na hindi talaga nagpa-transfer ng school. Tinapos naming parehas ang high school sa *St. Anthony High School*.

Pasalamat na lang ako at nag-college kami ni Arkin sa ibang lugar, pero dahil nauso na ang *Facebook* at social media, nagkaroon pa rin ng way ang babaeng iyon na agawin si Arkin sa akin. Tapos na kami ng

college nang mag-decide ang lalaking iyon na mag-aral ng photography sa US. Only to find out na naroon din ang dalahira kong half-sister. And the rest was history. Nasa kanya na si Arkin. At ako, malungkot pa rin. Hindi naman dahil sa walang nanliligaw sa akin.

Madami akong suitors lalo na nang sumabak ako sa modelling. Actors, government officials, businessmen, lawyers, kahit mga pulis at mga tambay sa kanto ay ako ang pantasya. And like I said, I was the most beautiful girl tonight. Sinasabi ng lahat iyon, pero wala sa akin ang atensyon ng nag-iisang lalaking minahal ko.

Oo nga't kinukuhanan niya ako ng litrato, pero hindi man lang niya ako magawang kamustahin. Na parang hindi niya ako naging ex.

“Aalis na ako, Daine.”

“Wala pang dinnertime. Ia-announce pa lang kung sino ang King and Queen of the Night.”

“Wala akong masyadong panahon dito, alam mo 'yan. May photoshoot pa ako bukas. Kailangan ko pang matulog. Okay?”

Tatayo na sana ako nang pigilan ako ni Daine. Saktong nagsalita na ang emcee. Binati nito ang lahat at bahagyang nagpatawa na hindi ko naman inintindi dahil gusto ko na talagang umuwi. Namalayan ko na

lang na nagda-drum roll na para sa King of the Night. And I was not really surprised when I heard his name. “Arkin Yap, ladies and gentlemen.”

Nagpalakpakan ang lahat. May mga narinig pa nga akong nagtilian. Fairytale ang theme ng party kaya nakasuot siya ng white polo na hindi nakasara ang lahat ng butones, kitang-kita ang matipuno niyang dibdib. Tinernuhan niya iyon ng blue jeans. Trying to portray *Ariel’s* Prince Charming. Gwapo talaga siya dati pa. Pero mas maraming nagsasabi na mas lalo siyang gumuwapo nang maging kami.

Kumikislap ang mga mata niya pati ang ngipin niyang pantay-pantay at maputi nang makaakyat siya sa stage. Sinuotan siya ng blue cape at King’s crown saka pinaupo pa siya sa trono na naroon. Ang tanong lang ay kung sino ang magiging queen. Wala naman doon ang girlfriend ni Arkin. Ewan ko ba sa Ivy na iyon, hanggang ngayon yata ay pa-espesyal pa rin siya. O baka naman lalabas din siya kapag tinawag na ang pangalan niya bilang Queen of the Night.

“Nahuhulaan n’yo na ba kung sino ang Queen ni Mr. Yap ngayong gabi?” tanong ng emcee.

Madaming nagpiprisinta. Pero may narinig din akong sumigaw sa pangalan ni Ivy, pero sa lakas ng

tama nitong si Daine ay nakisali pa siya at sumigaw ng “Si Bellaraine!” na sobrang OA sa lakas kaya lahat ay napatingin sa gawi namin.

“Well, guys, I know you will agree that she is stunningly beautiful tonight. So may we please call on Miss Bellaraine Figueroa.”

Napanganga ako sa sinabi ng host.

In all fairness, may pumalampak naman para sa akin. Magkano kaya ang ibinayad sa kanila ni Daine? May sumigaw pa na lalaki ng “I love you, Belle!” and I heard someone say “Marry me”, pero boses-babae kaya ngumiti lang ako nang may biglang lumapit sa akin para alalayan ako.

Siyempre hindi si Arkin iyon. Naroon pa rin siya sa stage. He was looking at me blankly. As if he’s not delighted to see me. Inalalayan niya lang ako nang paakyat na ako sa stage. He just stared at me as they put my red furry cape and my Queen’s crown.

2

"Congratulations to you, guys," masayang sabi ng emcee na hindi ko agad nakilala. Si Peter pala iyon na dating classmate ko noong first year. Alam nilang lahat na naging boyfriend ko si Arkin bago kami matapos ng high school.

Bakit nila ito ginagawa sa akin? Sabagay, wala namang nakakaalam na mahal ko pa ang taksil kong ex hanggang ngayon kaya nakisakay na lang ako sa trip nila.

God knows how hard I tried just to put on that fake smile for all of them. Samantalang ang kumag ay walang ka-effort-effort ang malawak na ngiting ibinigay sa mga tao. Talagang balewala ako sa kanya. Parang mas masaya na siya ngayon.

Hindi ko na mabakas ang sinabi niya dati na nasasaktan din siya sa paghihiwalay namin. Now I hated him much more. Pinatutunayan niyang ginamit lang niya talaga ako.

For five years, habang ako ang hinahalikan niya, si Ivy ang iniisip niya and I couldn't take that anymore. Habang lalo kong iniisip, lalo akong nginangatngat ng sakit.

“Now, guys, before we eat our dinner, let's first give the floor to our lovely couple. A round of applause for our King and Queen of the Night, folks!” Nagulat na naman ako nang malamang may kasamang dance performance iyon.

Inilahad ni Arkin para sa akin ang palad niya na parang totoong gusto niya akong makasayaw. If I know, lahat ng iyon ay para lang sa palabas. Marami nga naman ang kinikilig na teacher na makitang magkasama ulit kaming dalawa. Just like before. Kung nasaan si Arkin, tiyak na naroon si Bella. We were inseparable kasi nga we were best friends turned into lovers.

Pero sa relasyon kasi namin, one sided lang. Ako lang ang totoong nagmahal. As he took me in the middle of the dance floor, naalala ko kung paano niya ako noon saktan sa maliliit na bagay. Tulad ng

pambabalewala niya sa espesyal na araw namin. Monthsary, anniversary, kahit birthday ko na lang ay hindi niya pa maalala. He's never excited about anything about me. Samantalang ako, excited sa lahat ng bagay tungkol sa kanya.

Lagi ko siyang nakikitang nakatingin kay Ivy. Maybe secretly wishing I was her. And every time na sisitahin ko siya, magagalit siya at hahamunin ako ng hiwalayan kung wala naman pala akong tiwala sa kanya. Lagi siyang ganoon.

But we also had our happiest days. Iyun nga lang ay iyong mga panahong malayo kami kay Ivy. Hindi niya nakikita ang bruha kaya he fell in love with me.

But that love did not last nang malaman niyang nag-aaral ng photography si Ivy sa States. Bigla siyang nagkahilig sa photography kahit Law ang course niya. Hindi naman siya sinuway ang mommy niya sa kursong kinuha. Nagtapos siya sa Law nang mas maaga dahil natural siyang magaling at matalino, pero hindi agad siya nag-take ng bar exams.

Lumipad siya sa US para mag-aral ng photography. Iniwan niya ako. Noon, sinasabi niyang babalik siya. Hanggang sa lahat ng pangako niya, napako. He even told me na nagkakaigihan na sila ni Ivy. I could still remember those exact words he used that tore my

heart apart.

“I finally had her yes. You know, of all the people, how much I like her. Bella, let me go. Kesa maramdaman ko pa 'to kung kelan kasal na tayo. Ayaw kitang saktan but this time, I need to do this for our sake. Magiging masaya ka ba kung alam mong hindi ako masaya sa piling mo? Pareho lang tayong mahihirapan. Let me go. Trust me, I tried to love you. Sinubukan ko naman kaya lang..”

That's it. I ended the call and considered that as our last goodbye. Ayokong marinig pa sa kanya na magiging masaya naman ako sa piling ng ibang lalaki na mamahalin ako nang higit sa kaya niya.

That's bullshit! Pagkatapos kong ibigay sa kanya lahat-lahat? I was in my third year college when he had me. He took everything away from me after he promised na ako ang pipiliin niya kahit ano ang mangyari.

Wala akong ibang ginawa noon kundi mahal si Arkin. Kahit alam kong bawal na bawal sa beliefs ng family namin ang ginawa ko, pero ginawa ko pa rin para sa kanya. Para sa pagmamahal ko sa kanya, ngunit ano ba ang napala ko? Heartbreak. Heartache.

Muntik pa akong mabaliw sa kakaisip kung ano ba ang mali sa akin. Kung bakit hindi na lang ako si Ivy. Kung bakit kailangan niya pa akong gamitin para

may pantakip siya sa puwang na hindi kayang punuan ni Ivy. Bakit sa dami ng babae sa mundo, ako pa ang pinaglaruan niya nang ganoon?

And as we danced slowly, hindi ko mapigilan ang pagpatak ng luha.

I hated that kind of feeling na ginagawa niya akong safe haven, pero kapag okay na siya, he would try to reach for her again. Ako ang tagasalò sa lahat ng shit niya. And once he's ready again, he would fight for someone else's love. Ganoon ako kawalang-halaga sa kanya. Hanggang ngayon.

"Are you okay?" he softly asked habang sumasayaw pa rin kami.

Ni hindi ko na naiintindihan ang kantung tumutugtog. Naramdaman ko na lang na pinapahid niya ang luha ko. But I took a step back. Wala siyang karapatang punasan ang luhang siya mismo ang dahilan kung bakit tumutulo.

"I... I am tired. Uuwi na ako," bulong ko sa kanya para hindi naman halatang gusto ko na talagang mag-walk out. Sinamantala niyang busy na ang lahat sa kani-kanilang partner at iginiya na niya ako palabas sa bulwagan.

Nauna na ako sa paglalakad, but he still offered his

assistance. Alam kong he's just being a gentleman. Pero sawa na ako sa mga palabas niya.

“Leave me alone,” sabi ko nang akmang aalalayan niya pa ako. He stepped back. Nag-dial ako ng number sa phone ko. At wala pang ilang minuto ay dumating na ang driver ko.

Pogi din si Alfred, matikas ang katawan. Pero walang something sa aming dalawa. Amo at driver lang ang relasyon namin pero sa gwapo niya, pwede siyang mapagkamalang boyfriend ko lalo pa't pinangko niya ako hanggang makababa sa parking area nang utusan ko siyang buhatin ako dahil nahihilo na ako. Gusto ko sanang makita kung kahit kaunti ay nagselos si Arkin. Pero mahalaga pa ba iyon? He clearly didn't care at all.

“Madami 'ata kayong nainom, Ma'am,” komento ni Alfred nang mailapag niya ako sa upuan ng kotse sa likod. Inabutan niya ako ng bimpo na nakuha niya sa sariling bulsa. Butil-butit na kasi ang pawis ko.

“Medyo. D'on tayo sa bahay namin,” sabi ko.

I wanted to see Mom lalo na't ganitong pakiramdam ko ay wasak na wasak na naman ako. I needed my mom to comfort me. At nang makauwi nga ako, siya agad ang hinanap ko. She's already asleep kaya kahit di pa ako bihis ay sinamantala ko iyon at yumakap sa kanya. I didn't really wanted her to see me cry. I knew it would

break her heart, too. So I quietly cried on her shoulder as she slept hanggang sa nakatulog na rin ako.

What happened last night was thankfully left unpublished. Nakahinga ako nang maluwag nang wala ako sa mga fashion news headline. Behaved naman kasi ako kapag nasa parties. Unlike my best friend Hailey na isang singer. She had this bad habit na sa tuwing napo-provoke ng alak ay nagwawala. Like what happened last month.

Mabuti at sinalo siya ni Ji Min.

And as I was skimming all the pages of that newspaper, siya namang upo ni Mommy sa usual seat niya. “Nagpunta ka pa rin sa reunion, anak?” she said as she sipped her coffee.

“Yeah. I can’t say no to Daine.”

“You two are still good friends?” She started to spread some jam on her toast.

“Of course, Mom.” Tumango-tango siya. Alam niya kasi dating si Ivy ang best friend ko. Lalo na noong nasa third year kami. But everything changed mula nang makipagkaibigan si Ivy sa iba at magsimula akong lumayo sa kanya pagkatapos kong malaman ang sikreto niya at ng daddy ko.

“Well, for me, anak, I think you should still choose those people whom you will trust. Hindi palaging dapat maniniwala ka.”

Tumango ako. “I understand, Mom.”

“Manang? Si Ernest pala, nas’an?” tanong ni Mommy sa aming kasambahay.

“Naroon pa po sa Cebu. Kakatawag lang kagabi ng katulong d’on. Nagdala na naman daw po si Sir ng babae.”

Napailing kaming mag-ina nang marinig iyon. Hindi na talaga nagbago si Kuya Ernest. Mula nang malaman niya ang lahat, naging playboy na siya. Mabuti na lang talaga hindi siya sinagot ni Hailey, kung hindi kawawa naman ang best friend ko.

“Okay. Pakisabi sa secretary ko na magpa-book ng flight mamayang tanghali papunta sa Cebu. Kailangan ko na namang magulpi de gulat ’yang anak ko na ’yan.”

“Sige po, Ma’am.”

Ibinalik ni Mommy ang atensyon niya sa akin. “Ikaw naman, Bella, ano’ng lakad mo today?”

“May photoshoot po ako mamayang 10 am. Then contract signing para sa isang cosmetic line.”

Mommy acknowledged it with a nod. That’s basically how she communicated. Sa tindig niya, she

seemed to be a strong woman who had conquer the whole world. And I wanted to be like her. Someday. I would. Pero sana tulad niya ay magkakaanak din ako. Of course kahit na hawak ko ang lahat ngayong model pa ako, pinapangarap ko pa ring maging isang ina. Just like any other woman.

Pero paano ba ako magkakaanak kung hanggang ngayong twenty-eight na ako, eh, wala pa rin akong ka-steady relationship? Madami lang akong admirers but I didn't like them. I didn't like them because they were not him. And I hated myself for that. Hanggang ngayon pa din talaga. Si Arkin lang. I stayed faithful to a man who never really appreciated my worth.

At dahil sa pagkikita namin last night, nawindang ang nananahimik kong buhay. Ang akala ko talaga okay na ako. Hindi pa pala.



“Bella, show your teeth!” Napapitlag na lang ako sa sigaw ng photographer. Para akong naka-auto-pilot kanina. I was only thinking of him. Ngayon, I am not really focused on my job. “Parang hindi ka ’to, Belle. Kung may problema, sabihin mo sa ’kin.” He was pissed as he scanned my images on his camera.

“I’m sorry, Jake. I think I need a break. After that

I promise to focus.”

“Alright. This is your first time to lose your focus kaya pagbibigyan kita. But please be back after two hours with a clear mind. Let’s do awesome pictures again later, okay?”

Tumango lang ako at umalis na. Since I couldn’t pig out, hindi ako pwedeng kumain. Kaya ang ginawa ko, nagpunta na lang ako sa tuktok ng building ng studio na iyon.

Jake was right. Eto ang unang beses na nawalan ako ng focus sa loob ng anim na taon ko sa pagtatrabaho bilang model.

Madaming photographer ang gustong makipagtrabaho sa akin dahil madami ang nagsasabing maraming kayang ibigay na expression ang mukha ko. Madami silang nakukuhang magagandang pictures in just a couple of shots. Ilang print ad at magazine na ang nilabasan ko, ilang TV commercials na din ang nagawa ko at lahat sila ay walang naging problema sa akin. Ngayon pa lang.

And Jake, he knew how I worked kaya hindi ko siya masisi na mainis siya sa kawalan ko ng focus ngayon. Pagkabalik ko talaga sa photoshoot, I promised to be okay.

At kapag makita ko *siya* ulit, I must not cry anymore. Tama na ang ilang taon niya akong sinaktan. I needed to totally ignore and forget him just like how he forgot about me.

Mabuti at hindi ako naka-gown ngayon. My clothes permitted my craziness this time. Hobby ko na siguro ang tumayo sa mga nakakalulang lugar. Parang noong sumama ako sa hiking sa *Mt. Ulap* sa Benguet.

Inakyat ko ang mababaw na pader na pipigil sa akin na mahulog sa building na iyon. I wore heels this time, but that wouldn't stop me from doing what I wanted. I just wanted to see how beautiful Manila is. Yeah, the city is polluted but its skyline is still beautiful for me.

At hindi naman ito ang unang beses na dadamhin ko ang hangin sa tuktok ng building na iyon. So I spread my arms. Katulad ng ginawa ni Kate Winslet bilang *Rose* sa *Titanic*.

“Bella!”

Napalingon ako sa sumigaw na iyon. Pero bago pa ako nakapalag, nahablot na niya ang kamay ko at nasalo na ng dalawa niyang braso ang buong katawan ko.

Oh, that bastard...

3

His skin felt so warm and comforting. Mga ilang segundo kaming nasa ganoong posisyon, napako ang mga mata namin sa isa't isa habang buhat-buhat niya ako, nang bigla siyang natauhan at ibinaba ako.

“What are you trying to do? Magpapakamatay ka? How childish!” He looked so angry and worried. Tama ba iyon? Bakit naman siya worried?

Natawa talaga ako sa sinabi niya. “Sino’ng magpapakamatay?” Matagal na kaya akong patay! He killed me long before I started modelling. “Gusto ko lang mag-unwind. And you just ruined my quiet time. Thank you!” That was sarcasm, by the way. Bakit ba

bigla na lang siyang lumabas out of nowhere? “Old habits die hard, huh?”

“I don’t understand.” Arkin looked like an innocent child right now. Lintik na mukhang iyan! For sure, no one could resist his charms. Pero hindi na dapat ako magpadala sa mukha niya. I knew him very well, anyway. I had to stick with my own promise. I needed to forget him.

“Hindi pa rin nagbabago ’yang habit mo na para kang kabute. Basta ka na lang sumusulpot kahit hindi ka naman kailangan.”

“Don’t get this wrong, Bella. My uncle asked me to work here. I started last month at nagkataon lang na nakita kita di—” Hindi ko na siya pinatapos.

“Alam mo, hindi mo kailangang magpaliwanag. I completely understand na wala ka talagang intensyon na makialam sa akin. Natural ka lang na ganyan. Don’t worry, no one cares,” sabi ko saka siya tinalikuran.

“Look, Bella, I’m so sorry.”

Tama ba ang narinig ko? Nagso-sorry siya? Bakit? Nagpanggap ako na hindi ko narinig at patuloy lang ako sa paglalakad papunta sa elevator.

Kahit mag-sorry pa siya ay hindi ko siya

mapapatawad sa lahat ng ginawa niya sa akin. Sino ba'ng gugustuhing patawarin siya?

As promised, bumalik ako sa photoshoot na bitbit ang dating Bellaraine. Jake was really happy about the outcome. Madami siyang isa-submit na litrato sa client para sa clothing brand na iyon. Their plan was to post my photos sa mga store sa mall.

Pagkatapos nitong photoshoot ay kailangan ko pang magpunta sa contract signing para sa *Victoria*, isang bagong cosmetic line at sa dami ng modelo dito sa Pilipinas ay ako ang gusto nilang kunin. I loved makeup. Dahil iyon ang tumulong sa akin noon na itago ang lahat ng pangit sa mukha ko pagkatapos kong umiyak. So I just couldn't say no.

“Ma’am, naglunch na ba kayo?” concerned na tanong ni Alfred.

“Hindi pa ako gutom. Ikaw?”

“Pinapa-remind po kasi ni Ma’am Reese ang pagkain n’yo.”

“Tinext ka niya?”

“Tumawag po siya. Ang s’abi niya nga kung may oras ka pa, puntahan mo daw iyong dapat niyang ka-meet ngayong tanghali. Pasakay na daw kasi siya sa

eroplano papuntang Cebu. Nakalimutan niyang ipa-cancel 'yung lunch date na iyon."

Well, minsan lang naman makisuyo si Mommy kaya hindi ko iyon tatanggihan. Tatal naman may libreng tatlong oras pa ako bago ang schedule ng contract signing.

"Sige, puntahan muna natin 'yon."

"Okay, Ma'am."

Habang papunta na kami ni Alfred sa restaurant kung saan naghihintay ang ka-meeting ni Mommy, tinawagan ko na siya.

"Mom, may I have the name of the person you were supposed to meet today?"

"Dylan Young. He's a lawyer at gusto niya sanang mag-apply."

"What are your qualifications, Ma? Hindi ko siya bibigyan ng results today. I let you decide. I will just observe."

"Okay, take care, anak. I love you!"

"I love you too, Mom. Ingat po sa biyahe."

Pagkadating ko sa restaurant, nagulat ako nang ituro ako ng receptionist sa table ni Dylan Young na mukhang hindi naman nagpunta doon para mag-apply

as company.... Wait... what?

Did Mom ditch me this time? Ngayon ko lang na-realize na ang sinasabing ‘apply’ ni Mommy ay hindi tungkol sa kompanya. She’s talking about life-partner applicant.

Paano kong nasabi iyon? Hindi ordinaryong restaurant ang napuntahan ko. May pianist at violinist na naroon, then the guy was holding a bunch of red and white roses.

My goodness, he’s gorgeous! This Dylan Young looked like some kind of an Asian model na nakatrabaho ko na dati. Kung tutuusin, I should feel nervous dahil isa na namang gwapong lalaki ang gusto akong makilala. But he didn’t even make my sweat come out. Iyung tipong maglalapot talaga ang kili-kili ko dahil sa kagwapuhan niya.

Sadly, he had no effect on me.

I calmly approached his seat. “Hi. My name is Bellaraine Figueroa.” Nataranta siya nang magsalita ako at kamuntik niya pang mabitawan ang mga bulaklak. But he managed to calm his trembling hands.

He gave me his most handsome smile. “Hello. Please have a seat.” Ipinaghila ako ng upuan ng waiter

na nakatayo sa tabi ko. “Thanks.” Naunahan niya akong magpasalamat sa waiter. Umalis ang huli at sa akin na siya bumaling. “You look like an angel. You’re so beautiful,” sabi niya, sabay abot sa flowers na hawak niya.

Maganda nga, pero nakuha pa ring saktan at iwan. Gusto kong sabihin iyon pero hindi ko naman dapat sabihin. Baka malaman pa niyang hugot queen talaga ako.

“Thanks,” I said for the flowers and his compliments.

“I’m so glad that you made it this time. Mabuti nagpatulong na ako sa mommy mo. Your mom is a wonderful woman. She liked me in an instant, but I don’t know if she likes me as much as I like her.” Si Mom naman pala ang gusto nito. “And I, I love you.”

Whoa! Teka lang. Love niya agad ako? “I don’t think that’s true. We just met.”

“Yeah, I’m sorry to freak you out, but I am your number one fan. Matagal na akong nahulog sa ’yo. The moment I saw your picture sa magazine. I knew that I will never get over your charm.” Natawa si Dylan. “Pardon me, I can’t help myself but to praise the beauty in front of me.” His eyes were sparkling as he stared at me.

Now I felt awkward. Nagagandahan lang siya sa akin, pero hindi niya ako mahal. “I really don’t know what to say.” I had to be honest.

“Am I making you feel uncomfortable?”

“Well, yeah.” I was always honest about what I felt. “But that’s okay.” But of course in the nicest way possible.

“I’m sorry. Please, order something you like instead.”

Iniabot sa akin ni Dylan ang menu book. Ilang pictures na ng masasarap na pagkain ang nakita ko, pero wala pa rin akong magustuhan. Mukhang nahalata niyang wala akong gusto sa mga nakikita ko.

“May I suggest something?”

“Yeah, sure.” Nagbanggit siya ng pangalan ng isang dish na hindi masyadong pamilyar sa akin. “Sounds yummy,” sabi ko na lang kaya iyun ang inorder niya.

Nang makarating sa table namin ang dish, it was an Italian pasta na may kakaibang amoy. Wala namang something unusual at walang shrimp na sobrang hindi ko pwedeng kainin kung gusto ko pang mabuhay. Ganoon din ang inorder niya. Sa unang subo, okay pa ako. Not until I took my second bite. Doon ko

naramdaman ang sobrang kati. At literal na hirap na akong makahinga.

“Are you okay?” concerned na tanong ni Dylan, pero wala naman siyang ginagawa para tulungan ako. He just watched me as I struggled to breathe.

Umiling ako, still struggling to breathe. Nagulat na lang ang lahat nang may biglang bumuhat sa akin.

“She’s allergic to that. Stupid!”

“Wait!” Walang nagawa si Dylan Young nang isama ako ni... Arkin. Hindi ako makapag-focus pero alam kong siya iyon. Na naman? Wala ba siyang ibang ginagawa sa buhay niya? Bakit parang sinusundan niya ako?

Sa sobrang helpless ko, wala akong nagawa nang isakay niya ako sa kotse niya. Nasaan na ba itong si Alfred? Bawat paghinga ko ay hinahabol ko. I couldn’t even speak kahit gusto ko siyang utusan na pabayaang ako.

“You are really trying to kill yourself, don’t you? Alam mong allergic ka sa hipon!” galit niyang sigaw pero halatang nag-aalala lang naman siya.

Aba, at alam niya pa rin iyon? He didn’t even let me speak. Patuloy lang siya sa pagsasalita at sa pagda-

drive. Alam ko bang may hipon iyon?

“Mabuti na lang I was eating my lunch there. Paano kung wala ako d’on? Titingnan ka lang n’ung Dylan na iyon hanggang sa mamatay ka?”

Ano naman sa iyo? Pesteng allergy ’to! Pinipilit kong umubo para kahit paano ay lumuwag ang paghinga sa dibdib ko pero walang epekto. Mabuti at malapit na kami sa ospital. Muli akong binuhat ni Arkin at itinakbo sa emergency room. At hindi siya umalis hanggang sa makabitan ako ng oxygen mask. There. I could breathe.

Kahit paano ang problema ko na lang ngayon ay ang pantal sa balat ko at ang meeting ko with the clients sa *Victoria* na magsisimula na in one hour. May nurse pa rin na naroon nag-che-check ng vital signs. Nag-che-check ba talaga o nagpapa-cute lang kay Arkin? Peste! Napairap na lang ako. At dahil alam ni Arkin na hindi na ako natutuwa sa pagmumukha niya, bigla na lang siyang umalis. Pero ang kiri na nurse na ito tinawag pa si Arkin.

“Ah, Sir, mamaya po dadating si Doc at baka bigyan namin siya ng shots para sa allergy niya. Pakibantayan po ang patient baka po kasi mahirapan ulit siyang huminga.” Akala yata ng higad na ito ay walang

nakakapansin sa pagpapa-cute niya kay Arkin. Basang basa ko na talaga ang mga ganyang babae.

Tumango lang si Arkin at naupo sa silya katabi ng hinihigaan kong hospital bed. Pinanlisikan ko siya ng tingin.

“You’re welcome,” sagot niya.

Na lalo kong ikinairita. Gusto ko siyang sampalin ngayon sa totoo lang, dahil ayan na naman siya. Being that nice Arkin and absent-mindedly making me want him again. Ayoko nitong nararamdaman ko na umaasa na naman ako na baka nga sinusundan niya ako. Delikado ang umasa sa kanya. He might hurt me again.

“Come on, Belle, rest. Relax. Wala akong gagawing masama sa ’yo kaya hindi mo ako kailangang tingnan na parang may balak akong patayin o kahit man lang saktan ka. After all, ex kita. I used to love you.”

Nakakasira talaga ng bait! Sige lang, Arkin. Ipamukha mo lang kung ano talaga ako sa iyo. Baka nga nabibigla ka pa sa sinabi mong ‘you used to love me’ dahil the last time I checked, hindi mo ako minahal nang tunay. Gustung-gusto kong alisin ang nasa mukha ko na daluyan ng hangin para sabihin sa kanya ang lahat ng iyon pero dahil nasaksakan ako ng anti-histamine, nanghihina ako at gusto ko na lang munang matulog.



Nagising akong naroon pa rin sa ospital. Pero wala na doon si Arkin. Mabuti naman. Naroon na ang yaya namin sa bahay at si Alfred. Mas maigi nang sila ang naroon kesa si Mommy na siguradong magwawala sa galit. Hindi yata niya nasabi sa ka-date ko kanina ang food allergy ko kaya hindi sinasadyang nag-order ito ng pagkaing may halong hipon para sa akin. Pinapatawad ko na siya. Kahit naman ako, hindi ko din namalayang may shrimp paste pala ang kinain ko. Siguro na-turn off ang lalaking iyon sa akin kaya hinayaan niya lang na dalhin ako ng herodes na iyon sa hospital. I still hated Arkin. Yeah, he saved my life but I still hated him. Hated him for being so insensitive.

“Ma’am, makakauwi ka na po mamaya,” sabi ni Ate Hilda. “Inaayos na po ng nurse ’yung discharge slip.”

“Okay po. Kamusta po ang hitsura ko? Ang dami pa ring pantal?”

Umiling ito. “Nalagyan na kanina n’ung lalaking nagdala sa ’yo dito ng ointment ’yung mga pantal sa katawan mo kaya hindi na siya malalang tingnan ngayon.”

Arkin used to do that sa tuwing kakain ako ng

bagoong dati. I loved Indian mangoes. And I loved bagoong. Kapag magkakapantal ako, lagi niyang nilalagyan ng ointment. Kailangan ko nga lang tiisin ang amoy niyon dahil sa kagustuhan kong kumain ng mangga at bagoong.

Okay, ibibigay ko na sa kanya ang katotohanan na minahal naman niya ako noon. Pero p*tang-ina pa rin! Hindi na niya kailangang ipamukha na past tense na lang ako sa buhay niya. Na ex na lamang niya ako. Sa totoo lang, gusto ko siyang durugin kanina kung hindi ako nakatulog.

Ilang beses ba siyang eepal sa buhay ko? Medyo curious lang. Kasi mula nang bumalik siya galing sa America at nang magkita kami sa reunion, palagi ko na lang nakikita ang pagmumukha niya. Wala ba siyang balak na bumalik sa abroad? And what exactly were his intentions? Ibinilin ba ni Ivy na bantayan niya ang baby sister nito? Pwe! I didn't need them! O baka naman, he was trying to invite me to their wedding?

Gusto kong mainis at matawa at the same time. Ang mga walanghiya! Kung tama nga ako, dapat huwag na lang silang magpapansin. Okay na ako, eh. Hindi ko naman na siguro problema ang kasal nila dahil wala akong pakialam, di ba?

“Ma’am, magpahinga na po muna kayo.”

“I’m okay po. Uuwi na tayo, di ba? I just have to call Tito Fritz. Baka nag-alala na iyon.” Akma akong magda-dial sa phone ko nang...

“Natawagan na po ’yung manager n’yo, Ma’am. Wala na kayong dapat intindihin pa.” I was surprised to learn na okay na pala iyun.

“Who called him?” Dahil hindi nagta-Tagalog si Tito Fritz, ayaw na ayaw siyang kausap ni Ate Hilda. Lalo naman si Alfred, na binibirong madalas ni Tito Fritz na payayamanin niya daw basta sumama lang ito sa manager kong type ang mga tulad ni Alfred na gwapo at maskulado.

“Sinagot po n’ung lalaki kanina ang phone ninyo at siya ang kumausap. Sinabi niya ang nangyari sa inyo at nagkasundo naman sila.”

“What? He touched my phone?” Hindi na talaga maipinta ang pagmumukha ko. That couldn’t be!

“Opo...” At may sinabi pa si Ate Hilda na hindi ko na naintindihan dahil nanlamig ako bigla.

Hindi kasi ako naglalagay ng screen lock. Kahit ang fingerprint feature ng phone ko ay naka-deactivate. And if Arkin did touch my phone, there’s a chance na

baka nakita niya ang mga... bull crap!

Hindi pwedeng makita niya ang kanyang mga pictures doon! No, no, no! It would only give him more reason to play around with me. Gosh! Dapat binura ko na ang mga iyon dati pa at hindi ko na sana iniwan sa phone ko ang mga pictures namin noong masaya pa kaming dalawa. I should have erased them completely. Pero ngayon, huli na ang lahat.

Alright, maybe I'm just overreacting. Wala na nga siyang pakialam, di ba? Pwede rin na hindi na niya pinakialaman iyon. Mas malaki ang chance na hindi na niya inurirat ang cellphone ko. Yeah, that's right so I had to calm down. I just didn't want to look pathetic to him. It's not because he's still important, but I needed to gain my dignity as a woman.

Hindi niya pwedeng malaman na mahal ko pa rin siya.